Fact sheet 7 – Mga karapatan ng pasyente

Ang *Mental Health Act 2000 (*the Act*)* ay naglalaman ng mga probisyon para sa karapatan ng pasyente sa pamamagitan ng:

- pagbibigay ng pangangalaga para sa paggamit ng mga hindi boluntaryong probisyon
- pagsali sa mga pasyente sa mga desisyong maaaring makaapekto sa kanila
- pagsisiguro ng regular na hiwalay na pagaaral ng hindi boluntaryong pagpapagamot ng isang pasyente.

Saan naitaguyod ang mga karapatan ng pasyente?

Ang Batas ay sumusunod sa *United Nations Principles for the Protection of Persons with a Mental Illness and for the Improvement of Mental Health Care.* Ang mga prinsipyong ito ay nagbibigay proteksyon sa mga karapatan ng taong may karamdaman sa pag-iisip.

Ang Batas ay nakaayon din sa National Standards for Mental Health Services.

Saan itinakda sa Batas ang mga karapatan ng pasyente?

Ang mga karapatan ng pasyente ay itinakda sa mahahalagang antas sa buong Batas, sa partikular:

- Chapter 1, na kung saan ay nagtatakda ng mga prinsipyo na tumutukod sa Batas
- Chapters 6 at 12, na kung saan ay nagtatakda ng mga pagsasaproseso para sa mga pagrepaso sa pasyente ng Mental Health Review Tribunal (ang Tribunal)
- Chapter 9, na kung saan ay nagtatakda ng mga tukoy na karapatan ng pasyente.

Ano ang pagpapahayag ng mga karapatan?

Inuubliga ng Batas ang Direktor ng Mental Health upang magbigay ng isang isinulat na pahayag tungkol sa mga karapatan ng mga hindi boluntaryong pasyente. Ito ay dapat nakalagay sa lugar na madaling makita sa lahat ng mga mental health service at dapat na naglalaman ito ng impormasyon sa:

- mga karapatan ng pasyente at kaalyadong mga tao
- ang karapatan na magsagawa ng isang reklamo at mga detalye ng kung paano magsagawa ng isang reklamo.

Ang isang kopya ng *mga pagpapahayag sa karapatan* ay dapat na maibigay sa tao sa pagpasok sa mental health service. Ang *mga pagpapahayag sa karapatan* ay dapat ding maipaliwanag sa tao sa wika at sa paraan na nagbibigay daan para maunawaan ng tao ang impormasyon.

Ano ang mga pangunahing karapatan ng pasyente?

- *Karapatan sa impormasyon*

  Kung saanman posible, dapat na ipaalam sa isang tao ang sumusunod:

- na ang mga dokumento sa pag-aassess ay ipanapatupad at ano ang kahulugan nito para sa tao
- na sa isang *order na hindi boluntaryo sa paggamot* ay naisagawa at ang kategorya ng order
- ang mga kadahilanan ng duktor para sa pagpapasya na magsagawa ng *order na hindi boluntaryo sa paggamot*
- ang mga detalye ng *plan sa paggamot* at ipinanukalang paggamot, at anumang mga pagbabago sa *treatment plan.*

Ang Batas ay mayroon ding probisyon para sa mga pasyente na magkaroon ng access sa impormasyon na may kaugnayan sa mga nagawang pagpapasya ng Mental Health Review Tribunal at ng Mental Health Court, kabilang ang mga kadahilanan para sa pagpapasya. Limitado lamang ito na kung saan ang Tribunal o ang Hukuman ay nagsagawa ng isang confidentiality order na nagbabawal o naghihigpit sa pagbunyag ng impormasyon sa pasyente (ibig sabihin para sa kadahilanang pangkalusugan o pangseguridad).

- *Karapatan upang pumili ng isang kaalyadong tao*

  Ang isang hindi boluntaryong pasyente ay may karapatan na pumili ng isang tao upang maging kanilang kaalyadong tao. Ang papel ng kaalyadong tao ay upang makatulong sa pasyente na kumatawan sa kanilang mga pananaw, kahilingan at interes tungkol sa pag-assess, pagkakapiit at paggamot sa ilalim ng Batas.

  Ang pasyente ay maaaring pumili ng kanilang sariling kaalyadong tao (hal. isang pinagkakatiwalang kamag-anak o kaibigan) o maaaring piliing hindi magkaroon ng isang kaalyadong tao. Kung ang pasyente ay hindi nakagawa ng pagpapasyang ito (hal. dahil sa kanilang karamdaman), ang tagapangasiwa ng hospital ay pipili ng isang kaalyadong tao para sa pasyente.

  Ang kaalyadong tao ay:
  - inaabisuhan ng hindi boluntaryong pagpasok sa hospital ng pasyente
  - inaabisuhan ng mga application sa pagsusuri at paggamot para sa pasyente
  - magawang dumalo sa mga pagdinig ng Tribunal upang tulungan ang pasyente
  - magawang mag-apply sa Tribunal sa ngalan ng isang tao na nasa ilalim ng isang order na hindi boluntaryong paggamot.

  Ang isang tagapangalaga o abogado ng pasyente ay dapat ding maabisuhan sa mahahalagang mga oras sa pag-assess,
  paggamot at proseso ng pagsuri.

- *Karapatan sa pag-access sa mga health practitioner at ligal na mga tagapayo*

  Ang isang hindi boluntaryong pasyente ay maaaring tumanggap ng mga pagbisita mula sa kanilang sariling health practitioner o ligal na
  tagapayo sa anumang makatuwirang panahon.

- *Karapatan na maghain ang mga hinaing sa isang pampamayanang bisita*

  Ang lahat ng mga pasyente ay may karapatan na maghain ng anumang mga hinaing sa isang pampamayanang bisita. Ang Tanggapan ng Adult Guardian ang nangangasiwa sa programang ito para sa mga taong nasa wastong gulang sa ilalim ng *Guardianship at Administration Act 2000*. Ang tanggapan ng Commission for Children and Young People and Child Guardian ang nangangasiwa ng programa para sa mga bata at kabataan sa ilalim ng *Commission for Children and Young People Act 2000.*

- *Karapatan na regular na pagsuri ng hindi boluntaryong paggamot*

  Ang mga pasyente na naka-tanggap ng paggamot ay dapat na regular na sinusuri ng isang pinahintulutang psychiatrist.

  Ang Batas ay nagtatakda din na ang mga hindi boluntaryong pasyente ay nasuri ng isang nakapag-iisang kinatawan, ang Mental Health Review Tribunal. Tingnan ang Fact sheet 6 – *Mental Health Review Tribunal*. Ang mga pag-apila laban sa mga pagpapasya ng Tribunal ay maaaring maisagawa sa Mental Health Court.

Karagdagang Impormasyon

Mental Health Act Liaison Officer
Mental Health Branch
Queensland Health
GPO Box 48
BRISBANE Q 4001

Telepono: 1800 989 451 o 07 3234 0417

Email: mha2000@health.qld.gov.au
Web: www.health.qld.gov.au/mha2000